# Madaling i-navigate

**Pinasimple na ang bagong Banking Code at mayroon nang mga sumusunod na seksyon.**

**Ang aming mga pakikitungo sa iyo sa ilalim ng code**

**Mga Kostumer**

**Mga serbisyo ng Bangko**

**Kapag nagkaroon ng problema**


**Australian Banking Association**

**P** PO BOX H218 Australia Square NSW 1215

**T** 02 8298 0417

**E** reception@ausbanking.org.au

**W** www.ausbanking.org.au


Tagalog



# Ang bagong Banking Code of Practice

Magsisimula sa 28 Pebrero 2025

Australian Banking Association

# Ano ang bagong Banking Code?

Ang bagong Banking Code ay isang pangkat ng mga pamantayan na maaasahan ng **mga kostumer**, **maliliit na negosyo**, at kanilang **mga guarantor** mula sa kanilang mga bangko.


Ang Banking Code ay isang mahalagang haligi ng balangkas ng regulasyon sa mga serbisyong pinansiyal, na nagtatakda ng mataas na pamantayan ng mga proteksyon ng kostumer para sa mga taga-Australia.

Nagbibigay ito ng mga pag-iingat at proteksyon na hindi nakasaad sa batas para sa mga indibidwal, mga kostumer na maliit na negosyo at mga guarantor. Ang mga probisyon sa Banking Code ay legal ding maipatutupad.

Ang Banking Code ay unang ipinakilala noong 1993. Magmula noon, sumailalim na ito sa maraming pagpapahusay, tumutugon sa mga lumilitaw na isyu at nagbabagong mga pangangailangan ng mga kostumer, upang matiyak na nananatili itong makabuluhan. Sa paglipas ng panahon, marami sa mga pamantayang nakalakip sa Banking Code ang naisama na sa batas.

Ang pinakabagong update ng Banking Code ay ang pagwawakas ng malawakang pagsusuri at ginawa batay sa konsultasyon sa mga kinatawan ng konsumer, mga organisasyon ng maliit na negosyo at mga tagaregula. Ang pagsusuri ay nagresulta sa malaking pagpapabuti sa mga probisyon ng Banking Code at kasama ang mga karagdagang proteksyon para sa mga kostumer na maliit na negosyo, mga guarantor, mga mahihinang kostumer at mga kostumer na nangangailangan ng karagdagang suporta.

Ang na-update na Banking Code na ito ay inaprubahan muli ng Australian Securities and Investment Commission (ASIC).


MEDIA RELEASE (24-136MR)

**Inaaprubahan ng ASIC ang pinahusay na Banking Code of Practice**

Published **27 June 2024**

ASIC has approved a new version of the Australian Banking Association's (ABA) Banking Code of Practice, which includes enhancements to key protections. The new Code will commence on 28 February 2025.

Following a period of extensive ASIC-led consultation, the ABA agreed to address critical gaps flagged by stakeholders, resulting in a strengthening of standards and a retention of key protections for consumers and small businesses.

The enhancements in the February 2025 Code include:

- expanding the definition of a small business from $3 million in aggregate borrowings to $5 million meaning another 10,000 businesses will be eligible,
- improved inclusivity and accessibility for customers, including via interpreter services.

## Kasama sa mga pagbabago sa bagong 2025 Banking Code ang:

- ✓ isang pinalawak na depinisyon para sa maliit na negosyo na nangangahulugan na may karagdagang 10,000 kostumer na maliit na negosyo ang magkakaroon ng mga proteksyon ng Banking Code;
- ✓ mga bagong obligasyon na makipagkita ang mga bangko sa mga kostumer na naglalayong tumayo bilang guarantor para tulungan silang maunawaan ang kanilang mga obligasyon bago tanggapin ang isang garantiya;
- ✓ bagong depinisyon ng mahinang kostumer, tinatanggap na maaaring maging mahina ang sinuman sa anumang oras;
- ✓ isang na-update na seksyon sa inklusibo at maa-access na serbisyo ng bangko na kumikilala na dapat kasama sa mga serbisyo ng bangko ang mga tao na may iba't ibang sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian;
- ✓ isang bagong pagtutuon na ioorganisa o idudulog ang mga kostumer sa walang bayad na mga serbisyong suporta katulad ng mga interpreter, AUSLAN at National Relay Services;
- ✓ mas malinaw na mga uri ng suporta na magagamit ng lahat ng kostumer, kabilang ang mga opsyon sa pinansiyal na kahirapan para sa maliliit na negosyo; at
- ✓ bagong pinahusay na mga probisyon para sa pamamahala ng mga ari-arian ng mga yumao.